ISSN (Online) 2799-0842
ISSN (Print) 2799-130X

# WORLD EDUCATION CONNECT

## MULTIDISCIPLINARY E-PUBLICATION

Vol. IV Issue IX, September 2024
Monthly Issue

*International Circulation*



PINAGPALA
Publishing Services

Pinagpala
PUBLISHING SERVICES

NBDB Reg. No. 3269
DTI Business Reg. No. 3034433
TIN 293-150-678/ Business Permit No. 8183
San Vicente, Tarlac City, Philippines, 2300
pinagpalapublishingservices@gmail.com
+639985799958

*"Write. Connect. Educate."*

@pinagpalapublishing
pinagpala_publishing
www.pinagpalapublishing.com

**World Education Connect**
***Multidisciplinary e-Publication***
Volume IV, Issue IX (Sept. 2024), p.569-580, International
**ISSN (Online) 2799-0842 / ISSN (Print) 2799-130X**
Published Online at *www.pinagpalapublishing.com*
Publisher: Pinagpala Publishing Services
DTI Reg. No. 303443 / TIN 293-150-678/ Bus. Permit No. 8183
***National Book Development Board (NBDB) Reg. No. 3269***

# Kahalagahang Sosyal at Moral sa mga Piling Awiting Bayang Hiligaynon ng mga Mag-aaral ng Junior High School



**Rogelio Jr. C. Flores, EdD.**
*Faculty, Capiz State University*
*Capiz, Region VI, Philippines*

**Abstrak**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang kahalagahang sosyal at moral sa mga piling awiting bayang Hiligaynon. Ang mga kinakailangang datos ay tinipon sa pamamagitan ng pagbibigay sa mga mag-aaral ng talatanungan sa kanilang personal na datos, kahalagahang sosyal at kahalagahang moral nito. Ang mga tagatugon sa pag-aaral na ito ay binubuo ng 68 mag-aaral ng Junior High School sa Capiz State University Burias Campus na nakapagtala sa taong panuruan 2020-2021 ngunit pumili lamang ang mananaliksik ng 58 sa pamamagitan ng Stratified Random Sampling. Ang mga datos at kinakailangang impormasyon na kinalap sa pananaliksik na ito ay dumaan ng frequency count, percentage, mean, at standard deviation. Ang mga natuklasan ay nagpapakita na sa kabuuan, ang Kahalagahang Sosyal sa mga Awiting Bayang Hiligaynon ay "Napakahalaga" kapag sila ay pinangkat ayon sa kasarian, tirahan, hanapbuhay ng mga magulang at edukasyong natamo ng mga magulang. Sa kabuuan, ang Kahalagahang Moral sa mga awiting bayang Hiligaynon ay "Napakataas" kapag sila ay pinangkat ayon sa kasarian, tirahan, hanapbuhay ng mga magulang at edukasyong natamo ng mga magulang. Samakatwid ang mga awiting bayang Hiligaynon ay maraming tinataglay na kabisaan kung saan makakatulong sa mga mag-aaral upang maging mabuting mag-aaral hindi lamang sa paaralan ngunit maging sa kanilang mga magulang, kumunidad at sa kapwa.

**Susing Salita**: Kahalagahang Sosyal, Kahalagahang Moral, Awiting Bayan, Hiligaynon

## PANIMULA

Isang paglalantad ang panitikan ng mga katotohanang panlipunan at ng mga kathang-isip na guni-guni. Hinahaplos nito ang mga sensorya ng tao: ang pantanaw, pandinig, pang-amoy, panlasa at pandama. Noong taong 2000, binigyang katangian ito ni Villafuerte bilang isang buhay ngunit payak na salitang dumadaloy sa katawan ng tao. May buhay ang panitikan sapagkat may sarili itong pintig at dugong mainit na dumadaloy sa mga arteryo at ugat ng bawat nilalang at ng isang buong lipunan.

Ang awiting bayan ay isa sa mga matatandang uri ng panitikang Pilipino na lumitaw bago dumating ang mga Kastila. Ito ay naglalarawan ng kalinangan ng ating tinalikdang panahon na karamihan sa mga ito ay lalabindalawahing-pantig. Sa awiting bayan ay mababanaag ang bakas ng ating kalinangan at kabihasnan sa pamamagitan ng mga

**WORLD EDUCATION CONNECT EDITORIAL TEAM:**

**Chief Executive Editor:** Blessedy M. Cervantes, EdD.
**Managing Editor:** Rolando D. Cervantes, DHum **International Editor:** Ji Young Lee, EdD.

World Education Connect
*Multidisciplinary e-Publication*
Volume IV, Issue IX (Sept. 2024), p.569-580, International
**ISSN (Online) 2799-0842 / ISSN (Print) 2799-130X**
Published Online at *www.pinagpalapublishing.com*
Publisher: Pinagpala Publishing Services
DTI Reg. No. 303443 / TIN 293-150-678/ Bus. Permit No. 8183
***National Book Development Board (NBDB) Reg. No. 3269***

damdamin at diwang nakapaloob sa mga ito ay maaninag natin ang mga pinagdadaanan at kaugalian ng ating mga ninuno. Ito'y isa sa mga uri ng akdang pampanitikan na oral kung saan ang pinakapaksa ay pag-ibig, kawalang pag-asa o pamimighati, pangamba, kagalingan, pag-asa at kalungkutan.

Bilang mananaliksik, pinagtuunang pansin dito ang kahalagahang sosyal at moral sa mga awiting bayang Hiligaynon. Ang pag-aaral sa mga awiting bayang Hiligaynon ay magandang kasangkapan upang matalakay ang mga pagpapahalagang sosyal at moral na siyang kakailanganin ng mga mag-aaral. Kaya ang awiting bayang Hiligaynon ay mahalagang pag-aralan lalung-lalo na ang pagtukoy sa kahalagang sosyal at moral sa bawat awiting bayan.

**Paglalahad ng Suliranin**

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay maipakita at masuri ang mga awiting bayang Hiligaynon. Ang mga sumusunod na mga tiyak na katanungan ay sasagutin sa pag-aaral na ito.

1. Ano ang persepsyon ng mga tagatugon sa kahalagahang sosyal na napapaloob sa mga awiting bayang Hiligaynon sa kabuuan at kung sila papangkatin ayon sa kasarian, tirahan, hanapbuhay ng mga magulang at edukasyong natamo ng mga magulang?
2. Ano ang persepsyon ng mga tagatugon sa kahalagahang moral na napapaloob sa mga awiting bayang Hiligaynon sa kabuuan at kung sila papangkatin ayon sa mga piling baryabol?

**Batayang Teoretikal**

Ang pag-aaral na ito ay nakabase sa teorya ni Albert Bandura na Social Learning Theory 2012. Ito ay isang napakahalagang teorya at maaaring iugnay sa pag-aaral na ito sapagkat naniniwala ang teoryang ito na ang lahat ng bagay ay magkakaugnay. May ugnayan ng gawi, pag-iisip at kapaligiran sa larangan ng pagkatuto.

**KAGAMITAN AT METODO**

**Tagatugon**

Sa kabuuan, may 68 mag-aaral ng Junior High School mula sa Capiz State University Burias Campus na nakapagpatala sa taong panuruan 2020-2021. Pumili lamang ang mananaliksik ng 58 mag-aaral gamit ang Stratified Random Sampling na nagsilbing tagatugon sa ginawang pananaliksik.

**Mga Kagamitan sa Pananaliksik**

Ang mananaliksik ay gumamit ng talatanungan bilang instrumento sa pangangalap ng mga datos. Ang talatanungan sa pag-aaral na ito ay nahahati sa apat na bahagi.

Ang unang bahagi ay sumaklaw sa personal na datos ng mga tagatugon tulad ng kasarian, hanapbuhay ng mga magulang, tirahan at edukasyong natamo ng mga magulang. Ang ikalawang bahagi naman ay naglalaman ng mga pahayag na tumutukoy sa persepsyon ng mga tagatugon sa kahalagahang sosyal na binubuo ng dalawampung aytem. Ang ikatlong bahagi naman ay naglalaman ng persepsyon ng mga tagatugon sa kahalagahang moral na binubuo ng dalawampung aytem. Ang ika-apat na bahagi naman ay tumutukoy sa kabisaang taglay ng mga awiting bayang Hiligaynon na binubuo ng apatnapung aytem.Dahil sa ang talatanungan ay sariling gawa ng mananaliksik, ito ay

**WORLD EDUCATION CONNECT EDITORIAL TEAM:**

**Chief Executive Editor:** Blessedy M. Cervantes, EdD.
**Managing Editor:** Rolando D. Cervantes, DHum **International Editor:** Ji Young Lee, EdD.

**World Education Connect**
***Multidisciplinary e-Publication***
Volume IV, Issue IX (Sept. 2024), p.569-580, International
**ISSN (Online) 2799-0842 / ISSN (Print) 2799-130X**
Published Online at *www.pinagpalapublishing.com*
Publisher: Pinagpala Publishing Services
DTI Reg. No. 303443 / TIN 293-150-678/ Bus. Permit No. 8183
***National Book Development Board (NBDB) Reg. No. 3269***

dumaan sa pilot testing upang makuha ang reliability index. Gumamit ng 30 mag-aaral sa pagsasagawa ng pilot testing at nakakuha ng .742 na reliability index ang kahalagahang sosyal at .723 naman ang nakuhang reliability index ng kahalagahang moral.

**Pamamaraan ng Pag-aaral**

Ang mananaliksik sa pag-aaral na ito ay naglaan ng sapat na panahon sa pagsasagawa ng talatanungan upang mataya ang mga kahalagahang sosyal at moral ng mga awiting bayang hiligaynon.

Unang ginawa ng mananaliksik ay ang paghingi ng pahintulot sa Campus Administrator ng Capiz State University Burias Campus upang maisagawa ang pag-aaral. Ginamit ang stratified random sampling upang kumuha ng sampol.

Nagtakda ng tiyak na araw ang mga mananaliksik para mapaghandaan ng mga tagatugon ang pagsagot sa talatanungan. Ipinamigay ng mga mananaliksik ang mga talatanungan sa mismong araw ng pagbabahagi ng module sa munisipalidad ng Jamindan basi sa medyor ng mga tagatugon na kalahok sa ginawang pananaliksik. Gawa ng sunod-sunod na lockdown sa mga munisipyo ay minarapat ng mananaliksik na idaan nalang sa mensahe ang pagbahagi ng talatanungan gamit ang messenger sa mga mag-aaral na may malakas ang connection sa internet at upang lalong maintindihan ng mga tagatugon ang mga nakapaloob sa talatanungan ay pinadalhan muna sila ng bidyo ng mga awiting bayang Hiligaynon. Ang iba namang tagatugon ay personal na pinuntahan ng mga mananaliksik upang mapasagutan ang talatanungan. Sinigurado ng mga mananaliksik sa pagbabahagi ng talatanungan ay naobserbahan ang tamang protokol ng pangkalusugan: pagsuot ng mask sa mukha, paghuhugas ng kamay, at isang metrong paglayo ng pisikal.

**RESULTA**

**Kahalagahang Sosyal sa mga Awiting Bayang Hiligaynon**

Ang mga datos sa manghad 1 at 2 ay nagpapakita na ang kahalagahang sosyal sa mga awiting bayang hiligaynon sa mga mag-aaral sa kabuuan ay "Napakahalaga" na may (M=4.66, SD- 0.48).

Gayundin, kapag pinangkat ang mga mag-aaral sa kasarian, ang mga tagatugon na lalaki ay may (M=4.77, SD=0.43) at babae na may (M=4.60, SD=0.49). Sa Gayundin sa tirahan na bayan may (M=5.00, SD=0.00) at sa barangay na may (M=4.64, SD=0.48). Kung pagtutuunan din ng pansin ang hanapbuhay ng ama at ina na permanente, hindi permanente at walang hanapbuhay ay makikitang napakahalaga ng kahalagahang sosyal sa mga piling awiting bayang hiligaynon na may total na (M=4.66, SD=0 .48). Sa larangan naman ng edukasyong natamo ng ama't ina na antas elementarya, sekundarya at tersarya napakahalaga din ang kahalagahang sosyal na may total (M=4.66, SD=0.48).

Nagpapakita lamang ito na para sa mga mag-aaral ang kahalagahang sosyal ng awiting bayang Hiligaynon ay nagbibigay at nagtutulak sa kanila upang maipamalas ang tunay na kahulugan pakikipagkapwa sa loob ng klase. Marahil, ang mga mag-aaral ay nakitaan ng isang pananagutang sosyal bilang isang nilalang at pagkakaroon ng matibay na pundasyon ng relasyong pantao. Ipinakita sa resulta ng pag-aaral na napakahalaga ng kahalagahang sosyal ng mga awiting bayang Hiligaynon sa buhay ng mga mag-aaral. Naoobserbahan ng mananaliksik na sila'y palakaibigan, maunawain sa pangangailangan ng ibang tao, at marunong silang makibagay sa kwapa. Nagpapakita na sila ay may mataas na

**WORLD EDUCATION CONNECT EDITORIAL TEAM:**

**Chief Executive Editor:** Blessedy M. Cervantes, EdD.
**Managing Editor:** Rolando D. Cervantes, DHum **International Editor:** Ji Young Lee, EdD.

World Education Connect
*Multidisciplinary e-Publication*
Volume IV, Issue IX (Sept. 2024), p.569-580, International
**ISSN (Online) 2799-0842 / ISSN (Print) 2799-130X**
Published Online at *www.pinagpalapublishing.com*
Publisher: Pinagpala Publishing Services
DTI Reg. No. 303443 / TIN 293-150-678/ Bus. Permit No. 8183
***National Book Development Board (NBDB) Reg. No. 3269***

kooperasyon lalo na kapag nagsasagawa sila ng pangkatang gawain. At kapag pumapasok sila sa klase ay nagbabatian ito sa isa't isa ng "Magandang Umaga".

Malamang, nakikitaan ang mga mag-aaral ng kaganapan sa pamamagitan ng makabuluhan at mabuting pakikipagkapwa sa kanilang mga kaklase. Sa buong mundo, kinikilala ang kahalagahan ng mabuting pagtrato at pakikitungo sa kapwa "Huwag mong gawin sa kapwa mo ng ayaw mong gawin nila sa iyo"; " Mahalin mo ang kapwa mo gaya ng pagmamahal mo sa iyong sarili"; "Makitungo sa kapwa sa paraang gusto mo ring pakitunguhan ka". Naipakita rin sa Parabula ng Mabuting Samaritano. (http://en.org/parableoftheGoodSamaritan) Kung sino ang ating kapwa at kung paano tayo dapat makitungo sa ating kapwa: ang makabuluhang pakikipagkapwa ay pagtugon sa pangangailangan ng iba nang may paggalang at pagmamahal (Bognot, R, et.al. 2013).

Taliwas ito sa pag-aaral ni Salvador (2008), ipinakita sa kanyang pag-aaral na sa kabuuan ang mga mag-aaral ay may katamtaman na kakayahan sa wikang hiligaynon ng pinangkat ang mga mag-aaral ayon sa kasarian, taon, edukasyong natamo ng magulang, buwanang kita ng pamilya, hanapbuhay ng magulang at kahantaran sa mass media.

Manghad 1. Antas ng kahalagahang sosyal na nakapaloob sa awiting bayang Hiligaynon sa kabuuan.

| ISKALA | KALIMITAN | BAHAGDAN |
|---|---|---|
| Napakahalaga | 38 | 65.52 |
| Mas Mahalaga | 20 | 34.48 |
| | **58** | **100.00%** |

**Mean : 4.66 (Napakahalaga)**
**SD : 0.48**

Manghad 2. Antas ng persepsyon ng mga tagatugon sa kahalagahang sosyal kung sila ay papangkatin ayon sa kanilang propayl.

**WORLD EDUCATION CONNECT EDITORIAL TEAM:**

**Chief Executive Editor:** Blessedy M. Cervantes, EdD.
**Managing Editor:** Rolando D. Cervantes, DHum **International Editor:** Ji Young Lee, EdD.

**World Education Connect**
***Multidisciplinary e-Publication***
Volume IV, Issue IX (Sept. 2024), p.569-580, International
**ISSN (Online) 2799-0842 / ISSN (Print) 2799-130X**
Published Online at *www.pinagpalapublishing.com*
Publisher: Pinagpala Publishing Services
DTI Reg. No. 303443 / TIN 293-150-678/ Bus. Permit No. 8183
***National Book Development Board (NBDB) Reg. No. 3269***

| BARYABOL | MEAN | SD | PAGPAPAKAHULUGAN |
|---|---|---|---|
| **Kabuuan** | 4.66 | 0.48 | Napakahalaga |
| **Kasarian** | | | |
| Lalaki | 4.78 | 0.43 | Napakahalaga |
| Babae | 4.60 | 0.49 | Napakahalaga |
| **Tirahan** | | | |
| Barangay | 5.00 | 0.00 | Napakahalaga |
| Bayan | 4.64 | 0.48 | Napakahalaga |
| **Hanapbuhay ng Ama** | 4.77 | 0.44 | Napakahalaga |
| Permanente | 4.61 | 0.49 | Napakahalaga |
| di-permanente | 5.00 | 0.00 | Napakahalaga |
| Walang Hanapbuhay | | | |
| **Hanapbuhay ng Ina** | 4.83 | 0.38 | Napakahalaga |
| Permanente | 4.67 | 0.49 | Napakahalaga |
| di- permanente | 4.52 | 0.52 | Napakahalaga |
| walang hanapbuhay | | | |
| **Edukasyong natamo ng ma** | 4.75 | 0.46 | Napakahalaga |
| Elementarya | 4.59 | 0.49 | Napakahalaga |
| Sekundarya | 4.77 | 0.44 | Napakahalaga |
| Kolehiyo | | | |
| **Edukasyong natamo ng Ina** | 5.00 | 0.00 | Napakahalaga |
| Elementarya | 4.58 | 0.50 | Napakahalaga |
| Sekundarya | 4.75 | 0.44 | Napakahalaga |
| Kolehiyo | 4.66 | 0.48 | Napakahalaga |

**Mean iskor ng Kahalagahang Sosyal sa bawat aytem**

Ang mga datos sa manghad 3 ay nagpapakita na ang mean iskor ng bawat pahayag o aytem ng kahalagahang sosyal ay "napakahalaga"

Nagpapakita lamang ito na ang bawat aytem o pahayag na ginawa ng mananaliksik ay labis na kakikitaan ng pagpapahalaga ng mga tagatugon. Marahil, habang binabasa ng bawat tagatugon ang bawat aytem ay nahihinuha nila ang mga ito sa kanilang isipan.

Lumabas sa resulta na ang may pinakamataas na antas ng pagpapahalagang sosyal ay nasa aytem dalawa at aytem apat na may mean na 4.9. Nakakuha naman ng pinakamababang antas ng pagpapahalagang sosyal ay nasa bilang na 16 na may mean na 3.1 na sinundan naman ng aytem 17 na may mean na 3.6. Ipinapakita lamang nito na bagamat may iilang nagsasabing limitado lamang ang mga mabubuting kaugalian na nakapaloob sa mga awitin ngunit makikitang napakataas ang pagpapakahalagang sosyal sa mga awiting bayang Hiligaynon.

**WORLD EDUCATION CONNECT EDITORIAL TEAM:**

**Chief Executive Editor:** Blessedy M. Cervantes, EdD.
**Managing Editor:** Rolando D. Cervantes, DHum **International Editor:** Ji Young Lee, EdD.

**World Education Connect**
***Multidisciplinary e-Publication***
Volume IV, Issue IX (Sept. 2024), p.569-580, International
**ISSN (Online) 2799-0842 / ISSN (Print) 2799-130X**
Published Online at *www.pinagpalapublishing.com*
Publisher: Pinagpala Publishing Services
DTI Reg. No. 303443 / TIN 293-150-678/ Bus. Permit No. 8183
***National Book Development Board (NBDB) Reg. No. 3269***

Manghad 3. Mean iskor ng kahalagahang sosyal sa bawat aytem.

| Aytem | Mean | Pagpapakahulugan |
|---|---|---|
| 1. Naipamamalas ng mga awitin ang pag-unawa sa layunin at kahalagahan ng pamilya at pakikipagkapwa upang maging mapanagutan sa pakikipag-ugnayan sa iba tungo sa makabuluhang buhay sa lipunan. | 4.8 | Napakahalaga |
| 2. Nagpapakita nang mapanuri ng tunay na kahulugan ng pakikipagkapwa. | 4.9 | Napakahalaga |
| 3. Napakataas ng pagpapahalagang sosyal ang ipinakita ng mga awitin. | 4.0 | Napakahalaga |
| 4. Taglay ng mga awitin ang pagpapahalaga sa edukasyon. | 4.9 | Napakahalaga |
| 5. Kinasasalaminan ang mga awitin ng pagiging magiliw sa pagtanggap ng mga panauhin. | 4.4 | Napakahalaga |
| 6. Napakahalaga ng mga awitin dahil nagpapakita nang pagiging di-marahas sa anumang bagay ang isang tao. | 4.7 | Napakahalaga |
| 7. Nakaiimpluwensya talaga ang mga awitin sa usaping sosyal dahil ipinakita ang isang bayanihan system o pagsulong. | 4.5 | Napakahalaga |
| 8. Napakahalaga ng mga awitin dahil nagpapakita nang pagiging di-marahas sa anumang bagay ang isang tao. | 4.2 | Napakahalaga |
| 9. Naipamamalas ng mga awitin ang pagdalo sa | 4.4 | Napakahalaga |
| 10. Mabisang paraan ang pag-aaral sa mga awitin dahil ito ay tumataglay ng pananagutan sa kapwa o pamilya. | 4.8 | Napakahalaga |
| 11. Mayaman sa pagpapahalagang sosyal ang mga awitin. | 4.3 | Napakahalaga |
| 12. Pumapaksa ang mga awitin ng isang matibay na pundasyon ng relasyong pantao. | 4.5 | Napakahalaga |
| 13. Nagpapakita ang awitin ng pagiging masayahin sa kabila ng mga pagsubok sa sarili o pamilya. | 4.3 | Napakahalaga |
| 14. Ang mga awitin ay nag-iiwan ng isang aral sa lipunan tulad ng marunong makibagay sa mga sitwasyon. | 4.6 | Napakahalaga |
| 15. Pumapaksa sa pagmamahal sa Diyos bilang batayan ng maayos na pamumuhay. | 4.9 | Napakahalaga |
| 16. Hindi kakikitaan ng pagpapaphalagang sosyal ang mga awitin. | 3.1 | Mahalaga |

**WORLD EDUCATION CONNECT EDITORIAL TEAM:**

**Chief Executive Editor:** Blessedy M. Cervantes, EdD.
**Managing Editor:** Rolando D. Cervantes, DHum **International Editor:** Ji Young Lee, EdD.

**World Education Connect**
***Multidisciplinary e-Publication***
Volume IV, Issue IX (Sept. 2024), p.569-580, International
**ISSN (Online) 2799-0842 / ISSN (Print) 2799-130X**
Published Online at *www.pinagpalapublishing.com*
Publisher: Pinagpala Publishing Services
DTI Reg. No. 303443 / TIN 293-150-678/ Bus. Permit No. 8183
***National Book Development Board (NBDB) Reg. No. 3269***

| | | |
|---|---|---|
| 17. Limitado lamang ang mabubuting kaugalian na napapaloob sa mga awitin. | 3.6 | Mas Mahalaga |
| 18. Bahagyang kinapapalooban ng ugnayang sosyal ng mga awitin. | 4.0 | Mas Mahalaga |
| 19. Walang pagpapahalagang sosyal ang mga awitin. | 4.7 | Napakahalaga |
| 20. Malimit binanggit ang relasyong sosyal sa mga awitin. | 4.4 | Napakahalaga |

**Kahalagahang Moral sa mga Awiting Bayang Hiligaynon**

Ang mga datos sa manghad 4 at manghad 5 ay nagpapakita na ang antas ng persepsyon ng mga tagatugon sa kahalagahang moral sa mga awiting bayan na Hiligaynon sa mga mag-aaral ay "napakahalahaga" na may (M=4.57, SD=0.49).

Gayundin, kapag pinangkat ang mga mag-aaral sa kasarian na lalaki ay may (M=4.72, SD=0.46) at babae na may (M=4.50, SD=0.50). Sa tirahan naman nakakuha ang bayan ng (M=4.00, SD=0.00) at sa barangay na may (M=4.59, SD=0.49). Kung pagtutuunan din ng pansin ang hanapbuhay ng ama at ina na permanente, hindi permanente at walang hanapbuhay ay makikitang napakahalaga ng kahalagahang moral sa mga piling awiting bayang Hiligaynon na may (M=4.57, SD=0.49, Sa larangan naman ng edukasyong natamo ng ama't ina na antas elementarya, sekundarya at koliheyo napakahalaga din ang persepsyon ng mga tagatugon sa kahalagahang moral na may (M=4.57, SD=0.49).

Ang napakahalagang antas ng persepsyon ng tagatugon batay sa edukasyon ng mga magulang ng kalahok, ay nangangahulugang natuturuan nila ang kanilang mga anak ng wasto o tamang pakikipagrelasyon sa kapwa tao. Marahil naituturo nila ang mga mabubuting katangian sa pagtrato sa kapwa nila nilalang. Binibigyan sila ng tuon ng kanilang mga magulang o di kaya'y naipalaki sila nang maayos, at may takot sa Diyos.

Sa hanapbuhay naman, ng ama't ina na walang hanapbuhay, di permamente at permamente ay "napakahalaga" ang persepsyon ng mga tagatugon sa kahalagahang moral nito. Anuman ang hanapbuhay ng mga magulang ay napakahalaga ang kahalagahang moral ng mga mag-aaral. Marahil, natutukan sila ng mga magulang nila kung ang magulang ay wala o di permamente ang hanapbuhay. Kung may permamenteng hanapbuhay, naibibigay ng magulang ang pangangailangan ng anak sa kanilang pag-aaral.

Ipinaliwanag ni Timbreza (2003) na ang pagpapahalagang moral ay nauugnay sa pagkakaroon ng magaganda at kanais-nais na karakter o ugali, Ito ay tumutukoy sa kabutihan at kasamaan ng isang aksyon, karakter, pagpapasya, atbp. Bilang nilalang ang tao ay may pagpapahalaga sa kabutihan at kasamaan dahil ang tao lamang ang may moralidad. Ito ang nagbigay ng malaking pagkakaiba ng tao sa hayop.

**WORLD EDUCATION CONNECT EDITORIAL TEAM:**

**Chief Executive Editor:** Blessedy M. Cervantes, EdD.
**Managing Editor:** Rolando D. Cervantes, DHum **International Editor:** Ji Young Lee, EdD.

World Education Connect
*Multidisciplinary e-Publication*
Volume IV, Issue IX (Sept. 2024), p.569-580, International
**ISSN (Online) 2799-0842 / ISSN (Print) 2799-130X**
Published Online at *www.pinagpalapublishing.com*
Publisher: Pinagpala Publishing Services
DTI Reg. No. 303443 / TIN 293-150-678/ Bus. Permit No. 8183
***National Book Development Board (NBDB) Reg. No. 3269***

Manghad 4. Antas ng kahalagahang moral na nakapaloob sa awiting bayang Hiligaynon sa kabuuan.

| ISKALA | KALIMITAN | BAHAGDAN |
|---|---|---|
| Napakahalaga | 33 | 56.90 |
| Mas mahalaga | 25 | 43.10 |
| **Mean : 4.57 (Napakahalaga)**<br>**SD : 0.49** | **58** | **100.00%** |

Manghad 5. Antas ng persepsyon ng mga tagatugon sa kahalagahang moral kung sila ay papangkatin ayon sa kanilang propayl.

| BARYABOL | MEAN | SD | PAGPAPAKAHULUGAN |
|---|---|---|---|
| **Kabuuan** | 4.57 | 0.49 | Napakahalaga |
| **Kasarian** | | | |
| Lalaki | 4.72 | 0.46 | Napakahalaga |
| Babae | 4.50 | 0.52 | Napakahalaga |
| **Tirahan** | | | |
| Bayan | 4.00 | 0.00 | Mas mahalaga |
| Barangay | 4.59 | 0.49 | Napakahalaga |
| **Hanapbuhay ng Ama** | | | |
| Permanente | 4.69 | 0.48 | Napakahalaga |
| di-permanente | 4.52 | 0.51 | Napakahalaga |
| Walang Hanapbuhay | 5.00 | 0.48 | Napakahalaga |
| **Hanapbuhay ng Ina** | | | |
| Permanente | 4.94 | 0.24 | Napakahalaga |
| di- permanente | 4.33 | 0.49 | Napakahalaga |
| walang hanapbuhay | 4.44 | 0.52 | Napakahalaga |
| **Edukasyong natamo ng Ama** | | | |
| Elementarya | 4.75 | 0.46 | Napakahalaga |
| Sekundarya | 4.49 | 0.51 | Napakahalaga |
| Kolehiyo | 4.69 | 0.48 | Napakahalaga |
| **Edukasyong natamo ng Ina** | | | |
| Elementarya | 5.00 | 0.00 | Napakahalaga |
| Sekundarya | 4.42 | 0.50 | Napakahalaga |
| Kolehiyo | 4.75 | 0.44 | Napakahalaga |

**WORLD EDUCATION CONNECT EDITORIAL TEAM:**

**Chief Executive Editor:** Blessedy M. Cervantes, EdD.
**Managing Editor:** Rolando D. Cervantes, DHum **International Editor:** Ji Young Lee, EdD.

**World Education Connect**
***Multidisciplinary e-Publication***
Volume IV, Issue IX (Sept. 2024), p.569-580, International
**ISSN (Online) 2799-0842 / ISSN (Print) 2799-130X**
Published Online at *www.pinagpalapublishing.com*
Publisher: Pinagpala Publishing Services
DTI Reg. No. 303443 / TIN 293-150-678/ Bus. Permit No. 8183
***National Book Development Board (NBDB) Reg. No. 3269***

**Mean iskor ng Kahalagahang Moral sa bawat aytem**

Ang mga datos sa manghad 6 ay nagpapakita na ang mean iskor ng bawat pahayag o aytem ng kahalagahang moral ay "napakahalaga".

Ipinapakita lamang nito na kakikitaan ng mga kahalagahang moral ang halos lahat ng mga aytem sa ikatlong maghad. Marahil para sa mga tagatugon ay labis na nakakaapekto o masasalamin pa rin nila ang mga awiting bayan at kakikitaan pa rin ng mga kahalagahang moral kahit na ito'y miminsan lang mapakinggan.

Manghad 6. Mean iskor ng kahalagahang moral sa bawat aytem

| Aytem | Mean | Pagpapakahulugan |
|---|---|---|
| 1. Ipinapakita ng mga awitin ang tamang asat at gawi para sa masayang pamumuhay. | 4.7 | Napakahalaga |
| 2. Nagpapamulat ang mga awiting bayan na isabuhay ang mga pagpapahalagang moral na nakapaloob. | 4.5 | Napakahalaga |
| 3. Ipinapakita sa mga awitin ang pag-iwas sa masasamang salita at gawi. | 4.4 | Napakahalaga |
| 4. Napakataas ang pagpapahalaga sa sariling taglay ng mga awitin. | 4.8 | Napakahalaga |
| 5. Wastong pagpapahalaga sa kapwa ang nilalaman ng mga awitin. | 4.8 | Napakahalaga |
| 6. May pagpapahalaga sa lahat ng nilalang ng Diyos ang mga awitin. | 4.1 | Mas Mahalaga |
| 7. Ipinahahahayag ng mga awiting bayan ang pagpapahalaga sa mga ari-arian bilang pagtugon sa pangangailangan ng buhay. | 4.8 | Napakahalaga |
| 8. May pagpapahalaga sa awtoridad ang mga awiting naparinggan. | 4.3 | Napakahalaga |
| 9. Nagpapadama ng pang araw-araw na kortesiya ang mga awiting bayan. | 4.3 | Napakahalaga |
| 10. Tumutugon sa mga gawaing pantao ang mga awiting bayan. | 4.8 | Napakahalaga |
| 11. Masasaksihan ang mga mabubuting etika sa sarili, kapwa at lipunan na nagdudulot nang mapayapa at masaganang pamayanan. | 4.9 | Napakahalaga |
| 12. Masasalamin sa mga awitin ang pagpapahalaga tulad ng palabra de honor. | 4.4 | Napakahalaga |
| 13. Kakikitaan ng delicadeza ang mga awitin. | 4.4 | Napakahalaga |
| 14. Maliwanag na ang mga moralidad na napapaloob sa mga awitin ay mabubuti. | 4.2 | Napakahalaga |
| 15. May katotohanan ang pagpapahalagang moral sa awitin. | 4.6 | Napakahalaga |
| | 2.9 | Mahalaga |

**WORLD EDUCATION CONNECT EDITORIAL TEAM:**

**Chief Executive Editor:** Blessedy M. Cervantes, EdD.
**Managing Editor:** Rolando D. Cervantes, DHum **International Editor:** Ji Young Lee, EdD.

World Education Connect
*Multidisciplinary e-Publication*
Volume IV, Issue IX (Sept. 2024), p.569-580, International
**ISSN (Online) 2799-0842 / ISSN (Print) 2799-130X**
Published Online at *www.pinagpalapublishing.com*
Publisher: Pinagpala Publishing Services
DTI Reg. No. 303443 / TIN 293-150-678/ Bus. Permit No. 8183
***National Book Development Board (NBDB) Reg. No. 3269***

| | | |
|---|---|---|
| 16. Nawawala na ang mabubuting kaugaliang moral sa mga awitin. | | |
| 17. Ang mga awitin ay nagsaad ng isang ugaling pagkamasinop. | 3.6 | Mas Mahalaga |
| 18. Lumalabag sa utos ng moralidad ang napapaloob sa mga awitin. | 3.8 | Mas Mahalaga |
| 19. Bihira lamang kakikitaan ng pagpapahalagang moral ang mga awitin. | 4.5 | Napakahalaga |

**KONKLUSYON**

Mula sa natuklasan, nabuo ang mga sumusunod na konkusyon:

1. Sa kabuuan, ang persepsyon ng mga tagatugon sa kahalagahang sosyal ng mga mag-aaral ay "napakahalaga". Nagpapakita lamang ito ang mga awiting bayang Hiligaynon sa mga mag-aaral ay nagbibigay at nagtutulak sa kanila upang maipamalas ang tunay na kahulugan ng pakikipagkapwa sa loob ng klase. Marahil, ang mga mag-aaral ay nakitaan ng isang pananagutang sosyal bilang isang nilalang at pagkakaroon ng matibay na pundasyon ng relasyong pantao. Sila rin ay magiging tapat at mabuting lider ng bayan pagdating ng panahon dahil sa pagkakaroon ng mabuting katangian.
2. Sa kabuuan, ang persepsyon ng mga tagatugon sa kahalagahang moral ng mga mag-aaral ay "napakahalaga". Nagpapakita lamang ito ang mga awiting bayang Hiligaynon sa mga mag-aaral ay napakahalaga sapagkat naturuan sila ng kanilang mga magulang ng wasto o tamang pakikipagrelasyon sa kapwa tao. Marahil naituro sa kanila ang mga mabubuting katangian sa pagtrato sa kapwa nila nilalang. Binibigyan sila ng tuon ng kanilang mga magulang o di kaya'y naipalaki sila nang maayos, at may takot sa Diyos dahil ang pagpapahalagang moral ay may malaking papel na ginagampanan hindi lamang sa pagpapanatili ng dignidad bilang isang nilalang o nilikha kundi ang pagpapanatili ng buhay na makabuluhan para sa iba. Ang mga mag-aaral kung papangkatin ayon sa edukasyon at hanapbuhay ng mga magulang ay napakataas, patunay lamang na tinuruan sila sa buhay na dapat pantay-pantay ang pakikitungo sa kapwa kaklase nila.

**REKOMENDASYON**

Batay sa mga kinalabasan at konklusyon na nabuo sa pag-aaral na ito, iminungkahi ang mga sumusunod na rekomendasyon:

1. Ipinapakita na ang persepsyon sa kahalagahang sosyal ng mga mag-aaral sa kabuuan ay napakahalaga, iminumungkahi na gawing habit ang pagkanta o pakikinig ng mga awiting bayan dahil ito ay nakakaimpluwensya talaga sa mga usaping sosyal at tumataglay ng pananagutan sa kapwa, lipunan at maging sa klasrum. Gayundin, palagi nilang gawing paraan sa pagbibigay ng tema sa mga akdang pampanitikan na kanilang gagawin.

   Iminumungkahi rin sa mga guro na mas itaas pa nila ang kanilang pagpapahalaga sa mga awiting bayan upang mas lalong kahiligan ito ng mga mag-aaral. Sa loob ng klasrum,

**WORLD EDUCATION CONNECT EDITORIAL TEAM:**

**Chief Executive Editor:** Blessedy M. Cervantes, EdD.
**Managing Editor:** Rolando D. Cervantes, DHum **International Editor:** Ji Young Lee, EdD.

**World Education Connect**
***Multidisciplinary e-Publication***
Volume IV, Issue IX (Sept. 2024), p.569-580, International
**ISSN (Online) 2799-0842 / ISSN (Print) 2799-130X**
Published Online at *www.pinagpalapublishing.com*
Publisher: Pinagpala Publishing Services
DTI Reg. No. 303443 / TIN 293-150-678/ Bus. Permit No. 8183
***National Book Development Board (NBDB) Reg. No. 3269***

maaring gamitin ito bilang isang modelo ng pagpapamalas ng pagpapahalagang sosyal sa kapwa nila mag-aaral, guro, kaibigan at maging sa kanilang mga magulang. Maaring gamitin nila ang awitin bilang parusa kapag ang mag-aaral ay nagkamali sa pagsagot ng katanungan ng guro.

Sa mga magulang naman, iminumungkahi rin sa kanila na gawing isang talent ang pag-awit kahit na hindi ganoon kaganda kumanta basa't ang mahalaga ay magnilayan ang magandang dulot ng mga awitin. Ipasama sa kanila ang pagmamahal sa akdang pamapanitikan na iniwan sa ating ng ating mga ninuno. Maari nilang pakantahin ang kanilang anak kapag hindi nagawa ng kanilang anak ang mga inuutos sa kanila ng kanilang mga mgulang bilang kaparusahan sa hindi pagsunod nito.

Sa mga tagapamahala ng paaralan, maaring ilakip nila ang awiting bayan sa lahat ng pagkakataon lalo na kung may okasyon at gawain bilang intermisyon sa pamamagitan ng pagpaparinig sa mga mag-aaral at mga guro. Maaring ilakip sa awiting pampanitikan ang mga awiting bayan at magprodyus ng kopya ng mga awiting bayan. Maari ring isalin ang mga awiting bayan mula sa Ingles, Filipino at Hiligaynon.

2. Ipinapakita na ang persepsyon sa kahalagahang moral ng mga mag-aaral sa kabuuan ay napakahalaga, iminumungkahi sa mga mag-aaral na gawin bilang isang laro o hilig ang pagkanta ng mga awitng bayan tuwing nagrerecess at kapag may bakanteng oras sila sa pag-aaral halimbawa kapag wala silang guro. Magbibigay din ito sa kanila ng isang hamon upang labanan ang mga masasamang ugali, gawi, at asal sa kapwa nila.

Sa mga guro, inumungkahi na maging isang mapagmatyag, mapagmasid, at mapag-unawang guro at gawing paraan ng pagbabago sa masadamang konsepto sa buhay ng mga mag-aaral. Maari nilang gamitin o ipaawit sa kanila mga estudyante ang mga awitin pagkatapos ng flag ceremony, habang naglalakad papunta ng silid aralan. At kapag ang mag- aaral ay hindi kumakanta ay bibigyan ng isang parusa sa loob ng klasrum sa pamamagitan ng pagpapakita ng pagpapakanta sa kanya ng mag-isa.

Sa mga magulang, iminumungkahi na ipaunawa sa mga anak kung bakit nagkaroon at lumitaw ang mga awiting Hiligaynon. Isalaysay sa kanila ang mga naranasan ng mga ninuno natin upang sa ganun ay mapagnilayan nila ang hirap na dinanas ng ating mga ninuno para kang mapanatili ang mga ito sa bibig ng ating mga kalahing Pilipino. Maaari nilang ipaawit ang mga awiting bayan habang naglalaba, nagluluto, at iba pang gawaing bahay. Sa ganitong paraan, mapapanatili natin ang napakataas na kahalagahang moral ng mga awiting bayang Hiligaynon.

**SANGGUNIAN**

Aller, AV. Basid, J.G. Gaspar M.N Nobleza, RJ.P March 2016 Pagsusuri sa bisang taglay at kahalagahang pantao ng tatlong piling Filipino Independent Films

Bognot, RM, et.al. (2013). Edukasyong pagpapakatao-Ikalawang baiting. Modyul para sa mag-aaaral.Vibal Publishing House, Inc.

Arrogante J.A et.al., (2009). Pagbasa at pagsulat Pangkolehiyo. Rex. Printing Co., inc.

Lalic, E. at Matic, A., (2004). An gating Panitikang Filipino. Trinitas Publishing. Inc.

**WORLD EDUCATION CONNECT EDITORIAL TEAM:**

**Chief Executive Editor:** Blessedy M. Cervantes, EdD.
**Managing Editor:** Rolando D. Cervantes, DHum **International Editor:** Ji Young Lee, EdD.

World Education Connect
*Multidisciplinary e-Publication*
Volume IV, Issue IX (Sept. 2024), p.569-580, International
**ISSN (Online) 2799-0842 / ISSN (Print) 2799-130X**
Published Online at *www.pinagpalapublishing.com*
Publisher: Pinagpala Publishing Services
DTI Reg. No. 303443 / TIN 293-150-678/ Bus. Permit No. 8183
***National Book Development Board (NBDB) Reg. No. 3269***

Montero, C. V. (2016). Implikayong Sosyo-Kultural na masasalamin sa mga Piling Kwentong Bayan ng Iloilo, Filamer Christian University, Roxas City. Di nalathalang thesis.
Timbreza, F.T., (2003). Filipino Values today. Manila national Book Store, Inc.
Zaide, G.F at Zaide, SM. (2004) Kasaysayan at Pamahalaan ng Pilipinas. Ikaanim na Edisyon. Quezon City, all Nations Publishing Co., Inc.
Pelingo, R.L, et. al. (2010) Ang lahing Pilipino, Dakila at Marangal (Workteks sa Sibika at Kultura 3) Manila, Philippines, Rex Book Store.

**DOI 10.5281/zenodo.13892431**

**WORLD EDUCATION CONNECT EDITORIAL TEAM:**

**Chief Executive Editor:** Blessedy M. Cervantes, EdD.
**Managing Editor:** Rolando D. Cervantes, DHum **International Editor:** Ji Young Lee, EdD.